


Nangungunang 10 Paraan para Protektahan ang Iyong Tahanan mula sa Lason

SISTEMA NG PAGKONTROL SA LASON NG CALIFORNIA (CALIFORNIA POISON CONTROL SYSTEM)


1. I-save ang toll-free na numero ng Hotline ukol sa Lason (Poison Hotline) na **1-800-222-1222** sa lahat ng telepono—mabilis, libre, at kumpidensyal ito.
2. Itabi ang lahat ng produktong pantahanan at pampersonal na pangangalaga sa mga orihinal na lalagyan ng mga ito.
3. Itago ang mga panlinis ng bahay sa nakakandadong lalagyan o lugar, nang hindi makikita at maaabot ng mga bata.
4. Mag-install ng mga carbon monoxide (CO) at smoke detector sa iyong tahanan at subukan kung gumagana ang mga ito kada 6 na buwan.
5. Ilayo sa mga bata ang mga halaman sa loob ng bahay at alamin ang mga pangalan ng mga halamang ito sakaling magkaroon ng emergency.
6. Huwag tawagin ang mga gamot na “kendi”—maaaring mapagkamalan ng mga bata na kendi ang mga gamot, kabilang ang mga bitamina at suplemento.
7. Huwag uminom ng gamot sa harap ng mga bata—gusto nilang ginagaya ang matatanda.
8. Maingat na itapon ang anumang gamot na wala nang bisa, hindi na kailangan, o hindi nagamit sa pamamagitan ng paglahok sa mga programa ng pagbabalik ng gamot o pagtatapon ng mga ito sa mga angkop na basurahan.
9. Itabi ang mga pitaka at bag nang hindi maaabot ng mga bata para maiwasan ang maling paggamit ng mga posibleng nakakalasang produkto tulad ng gamot, kosmetiko, at hand sanitizer.
10. Bantayan ang mga batang malapit sa mga bagay na gumagamit ng mga gabutones na baterya, na maliliit at hugis-baryang bateryang makikita sa mga laruan, remote control, at greeting card. Tumawag agad sa 911 kung nakalunok ang isang bata ng gabutones na baterya.



Tumawag sa California Poison Control sa **1-800-222-1222, kung nakahawak, nakatikim, nakalanghap, o nakalunok ka o ang ibang tao ng bagay na maaaring nakakapinsala.**

 Bisitahin ang calpoison.org para matuto pa at mag-order ng mga libheng materyales.

 @calpoison  @poisoninfo

 I-text ang TIPS sa 20121 para sa impormasyon sa kaligtasan mula sa lason sa Ingles. I-text ang PUNTOS para sa Espanyol.



**Huwag
Magbakasakali.
Manigurado.**